



**Buod ng mga Madalas Itanong para sa mga Sariling-  
Tagapagtaguyod at mga Pamilya Tungkol sa mga  
Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok Sa Panahon ng  
Pandemyang COVID -19**

Ang mga sentrong panrehiyon ay maaaring magbayad para sa mas marami pang uri ng serbisyo gamit ang modelong mga Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok (Participant Directed Services) upang magkaroon ng higit na pagpipilian ang mga indibidwal at pamilya at kakayahang umangkop sa panahon ng Pandemyang COVID-19. Ipaliliwanag sa mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) ang mga Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok at kung paano nila maaaring tulungan ang mga indibidwal at mga pamilya sa panahon ng COVID-19.

**Q1. Ano Ang Mga Serbisyong Dinidirekta Ng Kalahok?**

A1. Hinahayaan ng Mga Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok ang mamimili o pamilya na pumili kung sino ang iha-hire, mag-iiskedyul, at mangangasiwa ng trabaho para sa ilang uri ng mga serbisyong Plano sa Indibidwal na Programa (Individual Program Plan, IPP). Maaaring magamit ng mga indibidwal na nakatira sa kanilang sariling tahanan, bahay ng kanilang pamilya at ilang mga kaayusan ng pamumuhay sa pamayanan ang mga serbisyo.

**Q2. Paano Ako Matutulungan Ng Mga Serbisyong Dinidirekta Ng Kalahok?**

A2. Mahirap kung minsan para sa mga indibidwal o pamilya ang makahanap ng mga tagapagkaloob. Hahayaan ka ng Mga Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok na gamitin ang mga tagapagkaloob o indibidwal na dati mo nang alam, o nagsasalita sa iyong wika. Maaari mo ring hayaan ang tagapagkaloob na kumilos para sa iyo kapag kailangan mo sila.

### **Q3. Aling Mga Serbisyo Ng IPP Ang Maaaring Maging Dinidirekta ng Kalahok?**

A3. Magagamit bago ng COVID ang ilang Mga Serbisyonang Dinidirekta ng Kalahok:

- Respite
- Day care
- Hindi pang-medikal na transportasyon
- Mga Serbisyo sa Araw
- Pangangalaga ng Nars (Nursing)

Magpapatuloy pagkatapos ng COVID ang mga Serbisyonang Dinidirekta ng Kalahok na ito.

Dahil sa COVID-19, pansamantalang kabilang sa Mga Serbisyonang Dinidirekta ng Kalahok ang:

- Personal na tulong
- Mga kasanayan sa malayang pamumuhay
- Mga serbisyo sa suportadong pagtatrabaho

Nagbibigay ang mga serbisyonang ito sa mga indibidwal at pamilya ng higit pang mga pagpipilian sa panahon ng COVID.

### **Q4. Sino Ang Maaari Kong I-hire upang Magbigay Ng Mga Serbisyonang Dinidirekta ng Kalahok?**

A4. Dapat kang gumamit ng ahensya ng Mga Serbisyo sa Pangangasiwa ng Pananalapi (Financial Management Services, FMS). May impormasyon tungkol sa kung paano ito gawin ang iyong sentrong pangrehiyon.

- Tutulong sa iyo ang pipiliin mong FMS na mag-hire at magbayad ng kawani.
  - Dapat na 18 taong gulang o mas matanda ang tao.
  - Dapat maging kwalipikadong magtrabaho ang indibidwal.
  - Hindi kailangang maging isang vendor sa sentrong pangrehiyon ang nahire mong indibidwal.
  - May mga kinakailangang kasanayan sa trabaho ang indibidwal.

Maaari mong i-hire ang miyembro ng pamilya, kaibigan o ibang kwalipikadong tao. Hindi maaaring magbigay ng respite, day care, personal na tulong, o malayang mga kasanayan sa pamumuhay ang isang asawa o magulang sa pangkalahatan.

### **Q5. Anong Mga Hakbang Ang Dapat Kong Gawin Kung Gusto Kong Gamitin Ang Mga Serbisyong Dinidirekta Ng Kalahok?**

A5. Makipag-ugnay sa iyong coordinator ng serbisyo at sabihin sa kanila na gusto mong gamitin ang Mga Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok. Talakayin kung aling mga serbisyo ng IPP ang gusto mong makuha sa ganitong paraan

1. Matutulungan ka ng iyong coordinator ng serbisyo na makahanap ng Serbisyo sa Pangangasiwa ng Pananalapi (Financial Management Service, FMS) upang mangasiwa sa payroll, mga buwis, at pag-uulat.
2. Tanungin ang iyong FMS kung anong mga patakaran ang dapat mong sundin bilang isang tagapag-empleyo.
3. Kilalanin ang mga indibidwal na gusto mong i-hire
4. Hilingin sa mga indibidwal na iyon na isumite ang kinakailangang impormasyon sa FMS. Hindi maaaring magsimulang magtrabaho ang manggagawa o hindi mababayaran hanggang sa maibigay at maaprubahan ang mga form na ito:
  - o Pagpapatunay ng edad
  - o Pagpapatunay ng mga kwalipikasyon
  - o Pagiging karapat-dapat para sa trabaho
  - o Pederal na pagsisiwalat ng impormasyon
  - o Kinakailangan ang sertipikasyon sa CPR/First Aid para sa respite sabahay. Dapat itong ibigay sa loob ng 30 araw ng pagsisimula ng trabaho.

### **Q6. Paano Inaaprubahan Ang Mga Serbisyong Dinidirekta Ng Kalahok?**

A6. Aprubahan ng sentrong pangrehiyon ang mga serbisyong ito kasama ng FMS para sa mga halaga na tinukoy sa iyong IPP.

### **Q7. Paano Babayaran Ang Manggagawa?**

A7. Babayaran ng FMS ang manggagawa at mga buwis pagkatapos mong aprubahan ang timesheet ng manggagawa. Sasabihin sa iyo ng sentrong pangrehiyon ang itinakdang halaga. Kasama sa halagang ito ang mga buwis sa sahod at iba pang gastos. Halimbawa, ang pinakamababang bayad bawat oras para sa personal na tulong, suportadong trabaho, at mga serbisyo sa malayang pamumuhay ay \$22.80 bawat oras. Ang pinakamababang bayad bawat oras para sa respite ay \$17.03 Binabayaran nang mas mataas ang mga serbisyong pangangalaga ng nars.

### **Q8. Ano Ang Mangyayari Sa Aking Mga Serbisyo Na Hindi Ibinigay Sa Pamamagitan Ng Modelong Dinidirekta Ng Kalahok?**

A8. Ang lahat ng iba pang mga serbisyo sa IPP ng mamimili ay patuloy na ibibigay sa pamamagitan ng mga vendor sa sentrong pangrehiyon.

**Q9. Maaari Ko Bang Gamitin Ang Kumbinasyon Ng Mga Serbisyo ng Vendor at Dinidirekta Ng Kalahok Mula Sa Aking Regular Na Ahensya ng Respites?**

A9. Maaari mong gamitin ang parehong serbisyo ng vendor at Mga Serbisyon Dinidirekta ng Kalahok para sa iyong mga serbisyon respites. Halimbawa, kung hindi maibigay ng iyong regular na ahensya na nagkakaloob ng respites ang manggagawa na nagkakaloob ng respites, maaari mong gamitin ang mga Serbisyon Dinidirekta ng Kalahok para sa naaprubang mga oras na "hindi nagamit". Maaaring makatulong ito sa iyo kung mayroon kang higit pang mga oras ng respites dahil sa COVID. Maaari mong gamitin ang iyong ahensya na nagkakaloob ng respites bilang ahensya mo para sa FMS. Tinatawag ito na "employer of record" (nagsisilbing tagapag-empleyo) kung minsan. Kung ang parehong manggagawa na nagkakaloob ng respites ay magtatrabaho ng higit sa 40 oras bawat linggo para sa iyo, mabibilang ito bilang bayad sa overtime. Maaaring makatulong sa iyo ang iyong FMS o Coordinator ng Serbisyo sa mga katanungan sa overtime.

**Q10. Paano Kung Kailangan Ko Ng Karagdagan o Iba Pang Mga Serbisyo?**

A10. Dahil sa COVID-19 maaaring kailanganin mo ng higit pang mga serbisyo o gusto ng ibang uri ng serbisyo. O maaaring kailanganin mo ng pagsasanay sa malayang mga kasanayan sa pamumuhay na nakabase sa bahay para sa kaligtasan. Maaari kang makipag-usap sa iyong coordinator ng serbisyo o sa iyong IPP team upang tulungan ka o tulungan kang makahanap ng generic na mga serbisyo o higit na suporta mula sa iyong kasalukuyang programa.

**Q11. Saan Ako Makakahanap Ng Higit Na Impormasyon?**

A11. Pumunta sa ibinigay ng DDS na [patnubay](#) para sa pagbibigay ng mga Serbisyon Dinidirekta ng Kalahok. Kung nais mong malaman ang higit pa tungkol sa mga uri ng mga serbisyon dinidirekta ng kalahok, nagbibigay ng paglalarawan ng bawat serbisyo ang Kalakip 1.

# Kalakip 1

## Paglalarawan ng Mga Serbisyo Na Maaaring Ibigay Sa Pamamagitan Ng Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok

### Mga Uri Ng Patuloy Na Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok

Patuloy na pinapayagan ng California ang mga sumusunod na serbisyo na maibigay sa pamamagitan ng modelong Dinidirekta ng Kalahok: respite, day care, hindi pangmedikal na transportasyon, pangangalaga ng mga lisensyadong nars, at mga serbisyo sa araw.

Dapat na ibigay ang lahat ng mga serbisyo ng isang taong hindi bababa sa 18 taong gulang at dapat magkaroon ng mga kakayahan, pagsasanay o edukasyon na kinakailangan ang indibidwal upang magbigay ng mga serbisyo. Dapat din nilang matugunan ang anumang mga karagdagang kwalipikasyon na tinukoy sa ibaba.

Nagbibigay ang mga Serbisyong Respite sa mga miyembro ng pamilya na nangangalaga sa isang kliyente ng pahinga mula sa pangangalaga. Ibinibigay sa tahanan ng pamilya ang in-home na respite. Maaaring magbigay ng respite na mga serbisyo ang mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan, o iba pang mga kwalipikadong indibidwal. Ang miyembro ng pamilya na nagbibigay ng pangangalaga para sa isang kliyente at nangangailangan ng pahinga mula sa pangangalaga na iyon, ay hindi maaaring maging manggagawang nagkakaloob ng respite. Dapat maging pamilyar sa araw-araw na gawain at pangangailangan ng kliyente at maging bihasa sa anumang espesyal na suporta ang tagapagkaloob ng respite. Kung kinakailangan ang First Aid o CPR, dapat na sertipikado ang indibidwal. Dahil sa COVID19, ipinaubaya ng DDS ang mga rekisito para sa mga manggagawang nagsasagawa ng respite sa tahanan na magkaroon ng pagsasanay sa First Aid at CPR bago magsimulang magtrabaho. Dapat makuha sa loob ng 30 araw mula sa pagsisimula ng trabaho ang pagsasanay. Maaaring ibigay sa sariling bahay ng isang kamag-anak ang dinidirekta ng kalahok na respite sa labas ng tahanan.

Nagbibigay ng pangangalaga ang Day Care para sa isang bata habang nagtatrabaho ang magulang. Sa pangkalahatan maaari lamang ibigay ang mga serbisyong day care na dinidirekta ng kalahok para sa mga gastos sa day care na lampas sa halaga ng mga serbisyo ng day care sa isang bata na walang mga kapansanan. Maaari ding pahintulutan ang day care kapag nagpakita ang isang pamilya ng pangangailangang pinansyal at kapag ang pagbabayad para sa day care ay papayagan ang bata na manatili sa tahanan ng pamilya. Maaaring ibigay ang mga serbisyong day care ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan, o iba pang kwalipikadong indibidwal. Hindi maaaring ibigay ng magulang ang day care dahil para ito sa pangangalaga na ibinigay habang nagtatrabaho ang magulang.

Ang Hindi Pang-medikal na Transportasyon ay transportasyon na ibinigay ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan o iba pang kwalipikadong indibidwal upang matulungan ang mamimili na makapunta sa mga serbisyo sa kanilang IPP. Ang indibidwal na nagbibigay ng transportasyon ay dapat mayroong lisensya sa pagmamaneho na may bisa sa California, at mayroong halaga at uri ng saklaw ng seguro na kinakailangan ng sentrong pangrehiyon. Para sa menor de edad na mga mamimili, pinahihintulutan lamang ang transportasyong dinidirekta ng kalahok sa pangkalahatan kung ang gastos nito ay higit pa kaysa sa maaaring maging gastos sa transportasyon ng pamilya para sa isang menor de edad na batang walang kapansanan. Maaari ding pahintulutan ang transportasyon para sa menor de edad na mamimili kapag nagpapakita ang isang pamilya ng pangangailangang pinansyal at kapag makakatulong sa bata ang pagbabayad para sa transportasyon na manatili sa tahanan ng pamilya.

Ang Pangangalaga ng Isang Lisensyadong Nars (Skilled Nursing) ay mga serbisyong ibinigay ng Rehistradong Nars, o Lisensyadong Bokasyonal na Nars. Kapag gumagamit ng Lisensyadong Bokasyonal na Nars, dapat na binuo ng isang manggagamot o Rehistradong Nars ang plano para sa pangangalaga ng indibidwal. Bago gamitin ang mga serbisyong dinidirekta ng kalahok para sa pangangalaga ng isang lisensyadong nars, dapat munang gumamit ng mga magagamit na pangkalahatang serbisyo ang mga mamimili at pamilya kabilang ang mga serbisyo ng nars na makukuha sa pamamagitan ng Medi-Cal State Plan na benepisyong pangkalusugan sa tahanan at para naman sa mga mamimili na wala pang 21 taong gulang, mga benepisyo ng Medi-Cal EPSDT State Plan. Maaaring ibigay ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan o ibang indibidwal na nakakatugon sa mga rekisito sa paglilisensya ang mga serbisyo ng nars.

Ang Mga Serbisyong Pang-Araw ay isa-isang idinisenyo na mga serbisyo na nagbibigay ng mga pagkakataon upang suportahan o paunlarin ang trabaho, mga boluntaryong aktibidad o edukasyon pagkatapos ng haiskul. Maaaring tumulong sa tulong-sa-sarili, panlipunan o iba pang mga kasanayan sa pag-angkop ang mga serbisyo sa araw. Dapat ibigay ang mga serbisyo sa natural na mga kapaligiran sa pamayanan, hiwalay sa kung saan nakatira ang mamimili. Sa panahon ng COVID-19, hindi nalalapat ang rekisito na dapat ibigay ang mga serbisyo sa labas ng tahanan ng mamimili. Maaaring magbigay ng mga serbisyong ito ang isang miyembro ng pamilya, kaibigan o ibang kwalipikadong indibidwal.

### **Pansamantalang Karagdagang Uri ng mga Serbisyong Dinidirekta ng Kalahok Na Pinapayagan Sa Panahon Ng COVID**

Upang matulungan ang mga mamimili at pamilya na ma-access ang mga serbisyong kailangan nila sa panahon ng COVID-19, pansamantalang nagdagdag ang DDS ng tatlong karagdagang serbisyo sa modelo ng serbisyong dinidirekta ng kalahok: personal na tulong, mga serbisyo sa malayang pamumuhay at mga serbisyo sa suportadong pagtatrabaho.

Dapat na ibigay ang lahat ng serbisyo ng isang tao na hindi bababa sa 18 taong gulang at dapat may kakayahan, pagsasanay o edukasyon na kinakailangan ang indibidwal upang magbigay ng mga serbisyo. Dapat din nilang matugunan ang anumang mga karagdagang kwalipikasyon na tinukoy sa ibaba.

Tumutulong ang Personal na Tulong sa mga matatanda o bata na mamimili sa sentrong pangrehiyon upang maging matagumpay sa kanilang sariling tahanan at sa pamayanan. Pinapayagan ng mga serbisyong dinidirekta ng kalahok na ibigay ang mga serbisyong personal na tulong ng isang kwalipikadong miyembro ng pamilya, kaibigan , o iba pang indibidwal. Hindi sila maaaring ibigay ng magulang o asawa ng mamimili.



Tumutulong ang Mga Serbisyo sa Malayang Pamumuhay sa matatandang mamimili na makakuha o makapanatili ng mga kakayahan upang maaari silang mabuhay sa kanilang komunidad. Kasama rito, halimbawa, ang pagpapalano at pagba-budget ng pagkain, kadaliang kumilos, pagkakaroon ng kamalayan sa kaligtasan, pag-access sa mga mapagkukunan ng komunidad, o pagtulong sa paghanap ng isang bahay, paglipat sa isang bagong bahay, at panatilihing ligtas ang bahay. Pinapayagan ng mga serbisyong dinidirekta ng kalahok na ibigay ang mga serbisyo sa malayang pamumuhay ng isang kwalipikadong miyembro ng pamilya, kaibigan, o iba pang indibidwal. Hindi sila maaaring ibigay ng magulang o asawa ng mamimili.

Ang mga Serbisyo Sa Suportadong Pagtatrabaho ay mga suporta at pagsasanay upang matulungan ang isang matanda na mamimili na makakuha at panatilihin ang trabaho o sariling-trabaho at suporta para sa paghanap ng trabaho, kung hindi magagamit ang serbisyong iyon sa pamamagitan ng ibang ahensya tulad ng Departamento ng Rehabilitasyon ng Estado. Mga halimbawa ng mga serbisyo sa suportadong pagtatrabaho ang: mga kasanayan sa trabaho tulad ng komunikasyon, pagsunod sa mga direksyon, paglutas ng problema, pagkamit ng ninanais na mga resulta, pamamahala ng pera at pag-uulat ng kita, paggamit ng mga suporta sa trabaho, pagsasanay sa pagtataguyod sa sarili, pagtuturo sa trabaho, pagtatasa ng kinakailangang teknolohiya na nauugnay sa trabaho. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito ng isang kwalipikadong miyembro ng pamilya, kaibigan o iba pang indibidwal.

